Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG AGOSTO 04, 2025, LUNES, IKA-09:39 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |

RECORDED 13 AUG 2025 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANG. BAYAN RELEASED NAME DATE 13 AUG 2025 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 336- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 68-T2025 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T2025 NG BARANGAY SANTO ANGEL NORTE, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG HONORARIA NG MIYEMBRO NG SANGGUNIANG BARANGAY, KALIHIM, INGAT-YAMAN, BARANGAY RECORD KEEPER (BRK) AT ADMINISTRADOR NG BARANGAY PARA SA SUSUNOD NA TAON 2026 NA NAAAYON SA SALARY STANDARDIZATION LAW.**

**Sponsor – HON. RIZALDY N. KALAW**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 68-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2025 na nagdaragdag ng honoraria ng Sangguniang Barangay, Kalihim, Ingat-Yaman, Barangay Record Keeper (BRK) at Administrador para taong 2026;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kapasiyahan / kautusan ng barangay ay iniliwat sa Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan, Lupon sa Barangay Affairs at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pagsusuri at pag-aaral.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Jericho V. Asinas, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 68-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2025 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte, Santa Cruz, Laguna na nagdaragdag ng honoraria ng Sangguniang Barangay, Kalihim, Ingat-Yaman, Barangay Record Keeper (BRK) at Administrador para susunod na taon 2026 na naaayon sa Salary Standardization Law .

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Agosto 04, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan